

Module 1: Ano ang Arkeolohiya? Ang kasaysayang prehistoriko ng Sinaunang Nayon ng Kiyyangan (SNK)

Ni: Charmaine Ledesma

Isinalin ni: Dr. Pia Arboleda,
Filipino and Philippine Literature Program, University of Hawai'i at Mānoa

I. Mga Layunin

A. Pangkaalaman

1. Makuha ng pangkalahatang pananaw ng kasaysayang prehistoriko ng Sinaunang Nayon ng Kiyyangan (SNK)
2. Makbuo ng pang-unawa kung paano nagbabago ang kultura at tanawin sa paglakad ng panahon
3. Matutunan ang ilang mga susing salitang pang-arkeolohiya, mga kaisipan at pamamaraang arkeolohikal

B. Pandamdamin

1. Makakahanap ng kahalagahan sa Sinaunang Nayon ng Kiyyangan bilang isang halimbawa ng sinaunang sambayanan ng Pilipinas
2. Mapahalagahan ang sinaunang kulturang Ifugao at ang kaugnayan nito sa kasalukuyang sambayanang Ifugao

C. Pangkasanayan

1. Madagdagan ang kahusayan sa mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral at gamitin ang kahusayan sa pagmamatyag, pangangatwiran, pananalita at pagsusulat bilang bahagi ng gawain
2. Magamit ang mga artifact upang matuklasan kung paano nakatutulong lumikha ng mga teoriya tungkol sa mga tao ng panahong nakaraan

II. Mga Pangunahing Tema

Mga paksa tungkol sa Sinaunang Nayon ng Kiyyangan na tinalakay sa Module 1 na nauugnay sa “Kalagayang Panlipunan ng mga Sinaunang Pilipino” (Early Filipino Life):

1. Pagbabagong anyo at Pagpapalaganap ng kaugalian – aling mga bahagi ng kultura ang nagbago? Alin ang patuloy na ginagawa?
2. Sinaunang buhay ng mga Ifugao: Saan, Kailan, at Paano sila namuhay

III. Pangkalahatang Pananaw (Kasaysayan at arkeolohiya ng kulturang Ifugao)

Kaligiran ng kasaysayan ng kalinangan ng mga Ifugao

Bakit kinakailangang matutunan ng mga mag-aaral ang tungkol sa Sinaunang Nayon ng Kiyyangan?

Mahalag ang Kiyyangan sa talaalamatan o **mitolohiya** ng pinagmulan ng mga Ifugao. Pinaniniwalaan itong pinakaunang pook na pinamuhayan ng mga unang Ifugao. Madalas itong mabanggit sa mga **binigkas na kasaysayan** tulad ng mga binigkas na salaysay na kasama sa module na ito – Huuwa'n di nabugbugan di Page (Alamat ng Pinagmulan ng Bigas ng Ifugao). Naniniwala ang mga arkeologo na ang Sinaunang Nayon ng Kiyyangan ay isa sa mga pinakaunang kanayunang Cordillera na naitala sa arkeolohiya ng Pilipinas.

Nasaan ang Sinaunang Nayon ng Kiyyangan?

Pinagigitnaan ng Ilog Ibulao sa silangan at ng sapang Ambangal sa kanluran ang Sinaunang Nayong ng Kiyyangan na ngayo'y kinaroroonan ng Barangay Munggayang.

Kailan namuhay roon ang mga naunang Ifugao?

Unang pinanirahan ang Sinaunang Nayong ng Kiyangan noong nakalipas na isang libong taon. Pinanirahan ito bago pa makarating ang mga Kastila sa Pilipinas noong 1521. Iniulat ni Fray Molano noong 1801 na mayroong 183 mga bahay sa Kiyangan, ngunit nang makarating na ang mga Amerikano sa Ifugao, nilikas na ng mga tao ang pook at lumipat sila sa kasalukuyang bayan ng Kiangan.

Bakit nila piniling mamuhay doon?

Pinili ng mga sinaunang Ifugao na manirahan sa Sinaunang Kiyangan dahil sa magandang klima, mayamang pagkukunan ng tubig at patag na lupain.

Papaano ang pamumuhay sa Sinaunang Nayon ng Kiyangan at ng mga tao doon?

Bago pa ang pananakop ng mga Kastila, nagtatanim at kumakain ng gabi at iba pang mga gulay at laman lupa ang mga naninirahan sa Sinaunang Nayon ng Kiyangan. Ang pagkakaroon ng mga tubigan ng gabi sa simula pa lamang ng Sinaunang Nayon ng Kiyangan ang nagpadali para sa mga sinaunang Ifugao na magbago patungo sa pagtatanim ng palay noong nakaraang 200 taon. Dahil sa bigas, napakain ng mga Ifugao ang higit na maraming tao sa nayon, at naging kilalang pananim ito sa lipunan ng mga Ifugao. Bukod sa pagtatanim ng mga pananim, nangangaso rin sila ng mga usa at baboy damo. Nag-aalaga sila ng mga hayop tulad ng baboy at manok para sa mga natatanging okasyon at mga pagdiriwang na ritwal. Nagtataglay ng sari-saring mga bagay na pangkalinangan ang mga tao ng Sinaunang Nayon ng Kiyangan. Gawang-lokal at gamit sa pang-araw-araw na gawain ang iba sa mga ito.

Talasalitaan:

Mitolohiya (Mythology) – mga tradisyonal na salaysay, lalo na ang tungkol sa maagang kasaysayan ng mga tao o nagpapaliwanag ng mga pangyayaring likas o panlipunan at karaniwang kinalalahukan ng mga kahima-himalang nilalang o kaganapan.

Binigkas na kasaysayan (Oral history) – ang pangangalap at pag-aaral ng mga kaalamang pangkasaysayan mula sa mga taong may personal na kaalaman tungkol sa mga nakaraang pangyayari.

Kaligirang Arkeolohikal

Pinag-aaralan ng mga **arkeologo** ang mga kasaysayan ng mga lumipas na **kultura** sa pamamagitan ng mga bagay na nahukay mula sa lupa. Pinag-aaralan ng iba ang sinaunang nakaraan o **prehistoriko** sa mga panahon na wala pang mga nakasulat na tala. Tumitingin ang mga mananaliksik sa larangang ito sa mga katibayang naiwan sa lupa mula sa panahong iyon o sa mga natitirang mga istrukturang iniwan ng mga sinaunang lipunan. Ginagamit ng Arkeolohiya ang **pamamaraang siyentipiko** upang matutunan at maunawaan ang paraan ng pamumuhay ng tao noong panahong prehistoriko. Nangangailangan ang pamamaraan ng pagsisisyasat na ito ng pagmamamatayag, pagtatanong, pagsasagawa ng kaligirang pagsisisyasat, pagpapahayag ng teorya (stating a hypothesis), pagsubok sa teorya sa pamamagitan ng pangangalap ng mga datos, pagsusuri ng mga nakalap na datos, at sa huli, ang pagpapaliwanag ng kinalabasan. Pangunahing gawain ng mga arkeologo ang pangangalap ng mga datos sa pamamagitan ng paghuhukay ng mga pook arkeolohikal at pangangalap ng mga **artifact**. Ngunit bukod sa paghuhukay marami pang ibang ginagawa ang mga arkeologo. Kailangan din nilang suriin at bigyang pakahulugan ang lahat ng mga artifact na nakuha nila upang masagot ang katanungan tungkol sa mga sinaunang tao at ng kanilang paraan ng pamumuhay. Sa pamamagitan ng arkeolohiya, mauunawaan natin ang mga pagbabago sa paglipas ng panahon. Sa pag-aaral natin tungkol sa prehistorikong kasaysayan ng Sinaunang Nayon ng Kiyangan, nauunawaan natin ang mga pagbabago sa paggamit ng lupa sa paglipas ng panahon, mga pagbabago sa pagkain ng mga Ifugao at mga pagbabago sa paggamit nila ng pangkalinangang materyal.

Talasalitaan:

Arkeologo – Iskolar na nag-aaral ng kasaysayan ng mga lumipas na kultura sa pamamagitan ng mga bagay na nahukay mula sa lupa

Kultura - mga paniniwala, kustumbre, sining, at iba pa, ng isang lipunan, grupo, lugar, o panahon

Prehistoriko - sinaunang nakaraan noong panahon na wala pang mga nakasulat na tala

Pamamaraang siyentipiko - pamamaraan ng pananaliksik at pagsisiyasat gamit ng pagmamamatayag, pagtatanong, pagsasagawa ng kaligirang pagsisiyasat, pagpapahayag ng teorya (stating a hypothesis), pagsubok sa teorya sa pamamagitan ng pangangalap ng mga datos, pagsusuri ng mga nakalap na datos, at sa huli, ang pagpapaliwanag ng kinalabasan

Artifact – materyal o bagay na gawa ng tao; kadalasang portable o naiilipat-lipat ang mga artifact

IV. Gawaing Arkeolohiya

Ano ang Sinasabi ng mga Artifact Tungkol sa Atin

(Mula sa Florida Public Archeology Network (2011) Beyond Artifacts: Teaching Archaeology in the Classroom. www.flpublicarchaeology.org)

Mga Pangangailangan

Mga modernong kagamitan
(tingnan ang paliwanag sa ilalim ng Pamamaraan)

Pamamaraan

Mangalap ng iba't ibang mga artifact. Maaari itong mga bead, butones, laruan ng bata, pakong pangkarpintero, basag na piraso ng plato o bote, buto ng hayop o ngipin, o kopya ng anumang bagay. Mahalagang magsali ng mga bagay na nagpapakita ng tiyak na gawain, edad, kasarian, lahi, katayuan sa buhay, at pag-unlad ng teknolohiya. Tandaan: Siguruhing niliha ang mga gilid ng mga basag na pinggan at salamin upang maiwasang masugatan ng mga mag-aaral ang sarili o ang isa't isa.



Hinahayaan ng gawaing ito na makapagsanay ang mga mag-aaral sa paraang siyentipiko. Bibigyan ang bawat pangkat ng mag-aaral ng isang kahong puno ng mga bagay na kanilang pakakahuluganan. Kinakatawan ng mga artifact sa bawat kahon ang isang bahagi ng site. Mayroong mga tanong sa loob ng bawat kahon na gagabay sa mga mag-aaral sa pagbibigay kahulugan sa kanilang kahon. Utusan ang mag-aaral sa suriin at kilalanin ang mga artifact na ibinigay sa kanila. Pagawin ang mga mag-aaral ng isang site history. Anong uri ng site ang mga ito? Ano ang masasabi tungkol sa mga taong nag-iwan sa mga bagay na ito? Anong mga kayamanan, kakayahan o kaginhawahang mayroon ang mga taong ito? Gaano katagal silang nanirahan o nagtrabaho sa mga site na ito?

Mga Halimbawang “archeology kit”

Kahon 1: Mga tansan ng serbesa at soft drink, mga basag na piraso ng pinggan at boteng salamin, kutsara at tinidor, mga limang pisong barya.

Mga maaaring kasagutan: Kapihan, karaoke bar, kainan.

Kahon 2: lipstick, salamin, mga panuklay ng buhok, mga hair pin, bote ng hair gel
Mga maaaring kasagutan: beauty parlor, silid-tulugan ng babae

Kahon 3: laruang kotse, mga piraso ng babasagin, kutsara at tinidor, lata ng sardinas
Mga maaaring kasagutan: silid tulugan ng batang lalaki, tahanan

Tingnan ang halimbawang archeology worksheet sa pahina 8.

V. Pamamaraan (Pagkakabuo at paglalahad ng Katuwiran ng module)

A. Paghahanda (Pagpapakilala ng module sa klase)

Paglalahad ng Katuwiran: Nakatuon ang Module 1 sa arkeolohiya ng Sinaunang Nayon ng Kiyangan (SNK) at kasaysayang salimbibig ng Ifugao upang mapag-usapan ang pagbabago at pagpapatuloy ng buhay Ifugao. Nagbibigay ng lokal na pananaw ang pagkatuto tungkol sa SNK sa talakayan sa klase tungkol sa sinaunang lipunang Pilipino. Halimbawa, natututunan ng mga mag-aaral kung saan at paano namuhay ang mga naunang Ifugao. Maaari din gamitin ng mga guro ang SNK bilang halimbawa upang pag-usapan ang pagbubuo ng lipunan ng mga sinaunang Ifugao, kung paano tingnan ng mga Ifugao ang kanilang sarili at ang kaugnayan nila sa isa't isa (katayuan sa lipunan) at sa kanilang paligid.

Sa module na ito, iniuugnay ng Ifugao na historikong si Manuel B. Dulawan ang “Huuwa'n di nabugbugan di Page” (Alamat ng Palay) upang ilarawan ang kahalagahan ng Sinaunang Kiyangan, ang pook kung saan unang nanirahan ang mga Ifugao. Bilang pagpapakilala, ang alamat na ito (at iba pang di mabilang na mga kuwento ng pinagmulan ng mga Ifugao) ang nagtatatag ng kaligiran upang matutunan ang tungkol sa sinaunang pamumuhay ng mga Ifugao. Habang binabasa ang alamat, maaaring mapansin ang maraming bagay na nabanggit din sa arkeolohiya ng Sinaunang Nayon ng Kiyangan. Makikilala ng mga mag-aaral ang pamamaraan ng pagtatanim ng palay at pangangaso, mga kinagawiang ritwal, mga aso, mga manok, mga palayok, ang kagubatan, at iba pa.

Pinagtitibay ng Module 1 ang kaligirang arkeolohikal ng Sinaunang Nayon ng Kiyangan. Ipinaliliwanag ng bahaging arkeolohikal ang mga pamamaraan kung paano kinukuha ng mga arkeologo ang kanilang mga palagay at paliwanag tungkol sa isang site. Nagsisilbing praktikal na pagsasanay ang bahagi ng mga gawain na naglalarawan ng mga pamamaraang siyentipiko upang masagot ang mga katanungan sa pananaliksik sa arkeolohiya. Ipinapakita nito sa mga mag-aaral kung paano nalaman at naintindihan ng mga arkeologo sa Sinaunang Nayon ng Kiyangan ang paraan ng pamumuhay ng mga sinaunang Ifugao.

B. Paglinang ng aralin

Kaligiran ng kasaysayang kalinangan ng mga Ifugao:

Ang bahagi tungkol sa pangkalahatang tanaw ng kaligiran ng kasaysayang kalinangan ng mga Ifugao sa module na ito ay pinasisimulan ng magkakasunod na tanong (sino, ano, kailan, saan at bakit) na naglalarawan ng sinaunang pamumuhay ng mga Ifugao sa Sinaunang Nayon ng Kiyangan.

Nauugnay ang mga katanungang ito sa sinaunang kasaysayan ng paninirahan (sinaunang pamumuhay) at mga sistemang panlipunan (antas ng katayuan sa lipunan) na pinag-uusapan sa araling panlipunan. Nagbibigay ng pangkalahatang kaligiran ng SNK ang unang module.

Kaligirang Arkeolohikal:

Ang bahagi tungkol sa arkeolohiya ay isang talakayan ng mga pamamaraan ng pananaliksik na ginagamit ng mga arkeologo upang sagutin ang mga katanungan tungkol sa nakaraan (tulad ng mga ibinigay sa module na ito). Ipinaliliwanag nito kung paano pinag-aaralan ng mga arkeologo ang mga nakalipas na kalinangan, kung paano nagsasagawa ng pagsusuri at kung paano matuto mula sa nakalap na mga datos. Sa pamamagitan ng pamamaraang siyentipiko, paghuhukay at mga pagsusuri sa laboratoryo, natututunan ng mga arkeolohiko ang tungkol sa iba't ibang kalinangan ng nakaraan.

Halimbawang script: "Paano natin nalalaman ang lahat ng impormasyong ito kahit ilang daang taon nang nakaraan nang mamuhay ang mga taong ito? Sa pamamagitan ng arkeolohiya, natututunan natin kung ano ang nangyari sa nakaraang daan-daan o libo-libong mga taon. Bilang mga tao, nag-iwan tayo ng maraming mga bagay-bagay. Ang arkeolohiya ay tungkol sa pag-aaral ng mga kasaysayan ng mga nakalipas na kalinangan sa pamamagitan ng mga bagay na nahuhukay mula sa lupa. Pinag-aaralan ng iba ang matagal nang nakaraan kung kailan wala pang mga nakasulat na mga tala. Panahong prehistoriko ang tawag dito. Tumitingin ang mga mananaliksik sa larangang ito sa natitirang mga katibayan ng panahong iyon mula sa lupa o mula sa mga gusaling naiwan ng mga nakaraang lipunan.

"Ang iba't ibang mga lipunan ay may iba't ibang pamamaraan ng pamumuhay. Halimbawa, may mga kalinangang mayroong mga hari na nagtatayo ng mga malalaking templo tulad sa Cambodia. Sa ibang mga taong naninirahan sa maliliit na isla sa dagat Pasipiko, umiikot ang kanilang kalinangan sa dagat at sa paggamit ng mga yamang -dagat. Gumagawa sila ng mga bangkang may katig na nakapaglalayag nang malayo upang dumalaw sa ibang mga isla at makipagpalitan ng pagkain at iba pang mga kayamanan. Mayroon ding mga kalinangang namumuhay sa mga bulubunduking pook. Mayroon din silang ibang pamamaraan ng pamumuhay mula sa lupa. Isang halimbawa ng kalinangang ito ang Sinaunang Nayon ng Kiyangan.

Gawaing Arkeolohikal:

Gumagamit ng siyentipikong pagsusuri at mapanuring pag-iisip ang bahagi tungkol sa arkeolohiya ng module na ito upang maipakita sa mga mag-aaral kung paano sumuri at magpakahulugan ang mga arkeologo sa nakalap na mga artifact. Layunin ng gawaing ito ang paggawa ng mga mag-aaral ng pagpapakahulugan ng kanilang mga kahon ng mga artifact batay sa pagsusuri ng mga datos nilang nakalap (mga naitala nilang mga artifact). Mula sa tala, makikita ng mga mag-aaral ang mga pagkatulad-tulad kung saan malamang matatagpuan ang mga bagay na ito. Halimbawa, kung ang isang kahon ay naglalaman ng mga lapis, pira-pirasong chalk, nilukot na papel na may kulay, isang pambura, at isang lumang kwaderno, maaaring ipalagay ng isang tao na lahat ng mga gamit na ito ay nagmula sa isang silid-aralan. Katanggap-tanggap din ang iba pang mga pakahulugan, kapag pinagtibay ang mga ito ng mga makahulugang paliwanag. Gumagamit ng mga makabagong bagay ang pagsasanay na ito upang madaling mailikhang muli ng mga mag-aaral ang mga site na ito batay sa kanilang kaalaman at mga pagsusuri sa kasalukuyang panahon. Bilang pagtutulad, sinusuri ng mga arkeologo ang mga basag na pirasong mga paso, mga natitirang bahagi ng mga gusali, at mga labi ng mga hayop upang mailikhang muli ang mga sinaunang pamayanan sa Sinaunang Nayon ng Kiyangan.

Halimbawang script: "Para sa gawain ngayon sa klase, pag-aaralan natin kung papaano mag-isip katulad ng isang arkeologo. Hindi lamang basta naghuhukay ang mga arkeologo. Dapat din nilang suriin ang lahat ng mga impormasyong makakalap nila sa labas. Gamit ang pamamaraang siyentipiko, nauunawaan nila kung papaano namuhay ang mga tao noong nakalipas. Masinsin mag-isip ang mga arkeologo. At upang maipaliwanag nila nang maayos ang mga artifact, tinitiyak ng mga arkeologo na itinatala nila ang lahat ng artifact na kanilang nakakalap. Pagkatapos lamang nila maitala ang mga artifact makikita ang mga pagkaugnay-ugnay at mabigyan ng sagsay ang mga ito."

VI. Pagpapahalaga

Nagsisilbi ng isang mahalagang tungkulin ang Sinaunang Nayon ng Kiyangan sa kalinangan ng mga Ifugao at sa mga binigkas na kasaysayan. Nagbibigay liwanag ito sa sinaunang buhay ng mga Ifugao at sa mga pagbabagong nangyari sa pagsisimula ng pananakop ng mga Kastila sa Pilipinas. Makapagbibigay ng impormasyon ang arkeolohiya tungkol sa sinaunang lipunan ng mga Ifugao na hindi naitala sa mga dokumentong pangkasaysayan. Itinatala ng mga ito ang mga pagkakatulad-tulad sa pamumuhay, pagkain, ugnayang kalakalan, at mga pakikipag-ugnayang panlipunan, pampolitika at pang-ekonomiya sa loob at labas ng pamayanang Ifugao.



Kasalukuyang Sinaunang Nayon ng Kiyangan (SNK), Barangay Munggayang, Kiangon, Ifugao

Payo sa guro: Paghambingin ang nakaraan at ang kasalukuyang lugar ng SNK. Ipakita ang kasalukuyang larawan ng SNK para mahambing ng mga estudyante ito sa nakaraan. Ipaliwanag ang pagbago ng anyo ng lupain, mga uri ng pagkain, at pag-aaring gamit. [Ang pasimula ay isang magandang halimbawa ng pagtransition sa Module 2 (Sinaunang pagkain and kapaligiran ng Ifugao) at sa Module 3 (Sinaunang kalakalan ng mga Ifugao).

VII. Pangwakas na gawain

Pamagat: Ifugao time capsule

Ang time capsule ay isang katipunan ng mga bagay o impormasyon na kadalasang naglalayon na maging paraan ng pakikipag-ugnayan sa mga tao sa panahong hinaharap. Layunin ng gawaing ito ang hayaan ang mga mag-aaral na pag-isipan ang tungkol sa heritage conservation. Anong mga bagay ang nararapat itabi limandaang taon mula ngayon?

Guguhit ang bawat pangkat ng hindi kukulang sa tatlong bagay na nais nilang maipaalam sa ibang kultura tungkol sa kalinangang Ifugao limang daang taon mula ngayon. Ano ang nais nilang maipanatili para sa kinabukasan? Ipapakita ng mga mag-aaral ang kanilang mga time capsule sa klase.

VIII. Lagumang pagsubok (Summative assessment)

Tamang sagot:

I. Matching Type

1. D
2. B
3. E
4. A
5. C

II. Multiple Choice

1. B
2. A
3. D
4. C

Tingnan ang lagumang pagsubok sa pahina 11.

Halimbawang Worksheet
MODULE 1 WORKSHEET
ANO ANG SINASABI NG MGA ARTIFACT TUNGKOL SA ATIN?



Pag-aaralin natin kung paano mag-isip tulad ng isang arkeologo.

Tagubilin:

Ilarawan ang sarili bilang isang arkeologo sa taong 3050, at naghuhukay ka sa isang lugar tulad ng Kiangang Poblacion. Inaasahan mong makatagpo ng mga bagay na makapagsasabi ng mga uri ng mga pook o gusali sa bayan. Ilarawan mo sa isip na nakapaghukay ka na sa site at natagpuan mo ang pundasyon ng isang gusali. Ngunit hindi mo matanto kung anong uring gusali dati ito. Ngayon, ano ang dapat mong gawin bilang isang arkeologo? Tingnan mo ang mga artifact na nakalap mo mula sa site na iyon.

Naglalaman ang kahong nasa iyo ng mga artifact na nakalap mo mula sa site. Kinakatawan ng mga artifact na makikita sa bawat kahon ang bawat isang bahagi ng site. Gawain ng iyong pangkat ang ipaliwanag kung saan nagmula ang mga artifact na ito. Galing ba ito sa isang tahanan? Sa isang beauty parlor? Isang pagamutan? O galing ba ito sa isang kainan?

Tutulong ang worksheet na ito upang mabigyang kahulugan ang mga nakalap mong artifact. Piliin ang iyong kasagutan mula sa word bank upang malaman kung ano ang hinuhukay mong site at ang mga bagay na iyong nahukay. Bigyang pansin na hindi lahat ng mga bagay sa word bank ay makikita sa kahon.

- 1. Mula sa word bank, itala ang mga artifact o mga bagay na nakikita mo sa kahon at bilangin kung ilang piraso mayroon ang bawat artifact.**

Paglalarawan ng artifact o bagay	Bilang nga mga piraso
Mga Laruan	6
Mga basag na piraso ng pinggan	10
Kutsara	3
Tinidor	2
Delatang pagkain	3
Pambalot ng pagkain	7
Mga basag na piraso ng mangkok	7
Karton ng keso	1
Mga basag na piraso ng tasa	4
Kahon ng posporo	2
Sepilyo	1

2. Aling mga lugar o gusali ang inilalarawan ng mga artifact? Saang lugar sa bayan mo malamang makikita ang mga bagay na ito na magkakasama?

Ipinahihiwatig ng mga artifact na maaaring isang tahanan ang arkeolohikal na site

3. Ipinahihiwatig ng mga artifact na maaaring isang tahanan ang arkeolohikal na site. Ipaliwanag ang inyong kasagutan. Bakit ninyo naisip na inilalarawan ng mga artifact na ito ang lugar na iyon? Ano ang maaaring masabi tungkol sa mga taong nag-iwan sa mga bagay na ito? Ano ang gawain ng mga tao sa lugar na ito?

Inilalarawan ng mga artifact ang mga gawain na kadalasang ginagawa sa loob ng tahanan. Mayroong mga laruan at mga basag na piraso ng pinggan na nagpapahiwatig na may mag-anak na namuhay sa lugar na ito.

WORD BANK

MGA MAAARING ARKEOLOHIKAL NA SITE:

HOSPITAL	BEAUTY PARLOR	TAHANAN	KAINAN/ KAPIHAN	TINDAHAN	BOTIKA	SILID ARALAN
MGA ARTIFACT:						
MGA LARUAN	MGA BASAG NA PIRASO NG PINGGAN	MGA KUTSARA	MGA TINIDOR	MGA HAIR CLIP	SUKLAY	PANALING BUHOK
MGA PAKO	GEL PARA SA BUHOK	DE-LATANG PAGKAIN	MGA BASAG NA BOTE	MGA BASAG NA PIRASO NG TASA	MGA TANSAN	SALAMIN
MGA PLASTIC NA BOTE	SHAMPOO	PAMBALOT NG PAGKAIN	KAPE	PANGULAY NG KUKO	MGA BARYANG PERA	KAHON NG POSPORO
KARTON NG KESO	MGA BASAG NA PIRASO NG MANGKOK	MGA CRAYON	LAPIS	PANULAK NG KUKO	MGA PANGKULOT NG BUHOK	SEPILYO
PANTANG GAL NG CUTICLE	MAKE UP	LIPSTIK	STRAW	PLASTIK NA BASO	CHALK	MGA PIRASO NG HAIR DRYER



Lagumang pagsubok

I. Matching Type: Isulat ang titik ng wastong sagot

- | | |
|--|---|
| _____ 1. Arkeologo | a. Materyal o bagay na gawa ng tao; kadalasang portable o naiilipat-lipat |
| _____ 2. Binigkas na kasaysayan (oral history) | b. Ang pangangalap at pag-aaral ng mga kaalamang pangkasaysayan mula sa mga taong may personal na kaalaman tungkol sa mga nakaraang pangyayari |
| _____ 3. Pamaraang siyentipiko | c. Sinaunang nakaraan noong panahon na wala pang mga nakasulat na tala |
| _____ 4. Artifact | d. Iskolar na nag-aaral ng kasaysayan ng mga lumipas na kultura sa pamamagitan ng mga bagay na nahukay mula sa lupa |
| _____ 5. Prehistoriko | e. Pamamaraan ng pananaliksik at pagsisisyasat gamit ng pagmamamatayag, pagtatanong, pagsasagawa ng kaligirang pagsisiyasat, pagpapahayag ng teorya (stating a hypothesis), pagsubok sa teorya sa pamamagitan ng pangangalap ng mga datos, pagsusuri ng mga nakalap na datos, at sa huli, ang pagpapaliwanag ng kinalabasan |

II. Multiple Choice: Bilugan ang titik ng wastong sagot

1. Kailan namuhay ang mga naunang Ifugao sa Sinaunang Nayon ng Kiyangan?
 - a. 2000 taon ang nakalipas
 - b. 1000 taon ang nakalipas
 - c. 300 taon ang nakalipas
 - d. 500 taon ang nakalipas
2. _____ ay pinaniniwalaang unang lugar kung saan nanirahan ang mga Ifugao. Naniniwala ang mga arkeologo na ito ay isa sa mga pinakalumang pook sa Cordillera na napag-aralan sa arkeolohiya ng Pilipinas.
 - a. Sinaunang nayon ng Kiyangan
 - b. Banaue
 - c. Lagawe
 - d. Wala sa mga sagot
3. Bakit nila piniling mamuhay sa Sinaunang Nayong ng Kiyangan?
 - a. Magandang klima

- b. Mayamang pagkukunan ng tubig
 - c. Patag na lupain
 - d. Lahat ng mga sagot (a, b, at c)
4. Papaano ang pamumuhay sa Sinaunang Nayon ng Kiyangan at ng mga tao doon?
- a. Nangangaso ng mga usa at baboy damo at nag-aalaga baboy at manok
 - b. Nagtatanim ng gabi at iba pang mga gulay at laman lupa
 - c. Sagot A at B
 - d. Sagot A

III. Short answer. Bakit kinakailangang nating matutunan ang tungkol sa Sinaunang Nayon ng Kiyangan?

IV. Iguhit at Ilarawan ang Sinaunang Nayon ng Kiyangan 1000 taon ang nakalipas.